

Ang Goldman Sachs Group, Inc., mga kasalukuyan nitong subsidiary at kasapi, kabilang ang MTGLQ Investors, LP at Goldman Sachs Mortgage Company (GSMC), ay kamakailang nakaabot sa isang kumprehensibong kasunduan kasama ang Department of Justice (DOJ) at iba pang pangunahing tumutugon sa mga pagkilos at kasanayan na kaugnay ng marketing, structuring, arrangement, underwriting, pag-iisyu at pagbebenta ng residential mortgage backed securities (RMBS). Nangangako ang Goldman Sachs na tutulungan ang mga may-ari ng bahay na nahihirapang magbayad ng mga utang nila sa bahay. Kung nahihirapan kayong magbayad ng utang ninyo sa bahay, maaari kayong maging kwalipikado para sa karagdagang tulong sa pamamagitan ng mga espesyal na limitadong programang inaalok sa ilalim ng kasunduang ito. Mangyaring makipag-ugnayan sa Shellpoint Mortgage Servicing para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabago ng utang o mga opsyon sa pagbabayad na makukuha bilang bahagi ng Kasunduang ito.

Nauunawaan ng Shellpoint Mortgage Servicing na maaaring nakakaranas kayo ng pansamantala o pangmatagalang hirap at kailangan ninyo ng tulong.

Kung nahihirapan kayong bayaran ang inyong mortgage, narito kami para tulungan kayo at magbigay ng anumang posibleng opsyon na maaaring magamit ninyo. Maaaring may mga opsyon kayong magamit kung natanggihan o nabigyan na kayo ng tulong dati.

Maaaring kasama sa mga opsyon para sa tulong ang:

Plano sa Repayment – Pinahihintulutan kayong bayaran ang mga dati nang nakatakdang babayaran sa utang ninyo sa partikular na panahon para isapanahon ang utang ninyo. Kasama sa bawat plano ang regular ninyong buwanang bayarin at bahagi ng nakaraang nakatakdang babayaran. Ang termino ng plano ay magbabago ayon sa kakayahan ninyong magbayad.

Pagbabago sa Utang – Nagpapahintulot sa mga permanenteng pagbabago sa mga termino ng utang ninyo. Ang mga opsyon sa pagbabago ng utang ay maaaring magamit ninyo kahit na natanggihan o pinayagan na kayo dati para sa pagbabago ng utang. Maaaring kasama dito ang alinman sa sumusunod:

- Mas mababang kabuuang utang, kabilang ang hindi pagpapabayad sa isang bahagi ng halaga ng utang
- Fixed na interest rate
- Bawas na buwanang bayad

Ang hindi pagpapabayad sa anumang bahagi ng balanseng nakatakdang bayaran ay maaaring may mga implikasyon sa buwis sa ilalim ng batas ng pederal o estado. Hindi ka namin mabibigyan ng payong legal o sa buwis. Mangyaring kumonsulta sa propesyonal sa buwis.

Pagbabayad o Settlement – Ang pagkakasundo sa pagitan ninyo at ng Shellpoint kung saan ang Shellpoint, sa ngalan ng may-ari ng utang, ay sasang-ayong tumanggap ng mas mababa sa buong halaga ng balanse sa utang ninyo upang matapos na ang utang ninyo. Mananatili sa inyo ang buong pagmamamay-ari ng bahay ninyo.

Short Sale – Pinahihintulutan kayong ibenta ang bahay ninyo nang mas mababa sa natitirang balanse ng utang ninyo. Ang napagkasunduang netong presyo sa pagbebenta ng bahay ay dapat katanggap-tanggap para sa may-ari ng utang ninyo. Babayaran ang utang sa pinagkasunduang presyo at termino ng

Isa itong pagtatangka na maningil ng utang at ang anumang impormasyon na makukuha ay gagamitin para sa layuning iyon. Kumikilos ang Shellpoint bilang "tagasingil ng utang" ayon sa pagpapakahulugan ng terminong iyon sa Federal Fair Debt Collection Practices Act. Ang abisong ito ay inaatas ng Federal Fair Debt Collection Practices Act at hindi nito ipinahihiwatig na nagtatangka kaming singilin ang sinuman na naabsuwelto sa obligasyon ng pagkakautang sa ilalim ng Mga Batas sa Bankruptcy ng Estados Unidos.

pagbenta. Kapag natapos na ang short sale, hindi kayo mananagot sa mga gastusin sa pagbebenta (hal. mga bayarin sa broker). Maaaring mag-alok ng tulong sa relokasyon.

Deed-in-Lieu ng Foreclosure— Pinahihintulutan ang boluntaryong paglipat ng pag-aari ng bahay ninyo sa may-ari ng utang ninyo bilang pagtugon sa ilan o lahat ng obligasyon ninyo sa ilalim ng inyong utang. Maaaring mag-alok ng tulong sa relokasyon.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring tumawag sa amin sa 1-800-365-7107 o pumunta sa shellpointmtg.com/mortgage-help

- Lunes hanggang Biyernes — 8 a.m. hanggang 10 p.m. Eastern
- Sabado — 8 a.m. hanggang 3 p.m. Eastern

<http://goldmansachs.mortgagesettlementmonitor.com/>

Kung wala pang nakatalagang lisang Taong Kakaugnayin para sa inyo, magtatalaga kami ng isa para sa inyo. Makikipagtulungan sa inyo ang inyong lisang Taong Kakaugnayin sa buong proseso at papayuhan kayo sa mga opsyong magagamit ninyo.

MGA ABISONG PARTIKULAR SA ESTADO

Arkansas

Pakitandaan na ang Shellpoint Mortgage Servicing ay lisensyado sa Arkansas at ang mga reklamo tungkol sa Shellpoint Mortgage Servicing ay maaaring isumite sa Arkansas Securities Department sa *pamamagitan ng website ng Department sa* (<http://www.securities.arkansas.gov/>) o toll-free (800-981-4429).

California

Ayon sa inaatas ng batas, inaabisuhan kayo na ang negatibong ulat ng credit bureau na nagpapakita ng inyong credit record ay maaaring isumite sa credit reporting agency kung hindi ninyo mababayaran ang inyong credit obligation.

Inaatas ng Rosenthal Fair Debt Collection Practices Act at ang Fair Debt Collection Practices Act ng pederal na, maliban sa ilalim ng hindi pangkaraniwang pangyayari, ang mga tagasingil ay hindi maaaring makipag-ugnayan sa inyo bago ang 8 a.m. o makalipas ang 9 p.m. Hindi nila kayo maaaring ligaligin sa pamamagitan ng paggamit ng pagbabanta ng karahasan o pag-aresto o sa paggamit ng bastos na wika. Ang mga tagasingil ay hindi maaaring gumamit ng mali o mapanlinlang na pahayag o tawagan kayo sa trabaho kung alam nila o may dahilan silang malaman na hindi kayo maaaring tumanggap ng mga personal na tawag sa trabaho. Kadalasan, hindi maaaring sabihin ng mga tagasingil sa ibang tao, maliban sa abogado ninyo o asawa ang tungkol sa utang ninyo. Maaaring makipag-ugnayan ang mga tagasingil sa ibang tao para kumpirmahin ang inyong lokasyon o magpatupad ng hatol. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga aktibidad sa paniningil ng utang, maaari kayong makipag-ugnayan sa Federal Trade Commission sa 1-877-FTC-HELP o sa www.ftc.gov.

Colorado

"PARA SA IMPORMASYON TUNGKOL SA FAIR DEBT COLLECTION PRACTICES ACT NG COLORADO, PUMUNTA SA WWW.COLORADOATTORNEYGENERAL.GOV/CA.

Ang consumer ay may karapatang hilingin, sa pamamagitan ng liham, na ihinto ang anumang karagdagang pakikipag-ugnayan ng tagasingil ng utang o ahensyang tagasingil sa consumer. Ang nakasulat na hiling sa paghinto ng pakikipag-ugnayan ay hindi magbabawal sa tagasingil ng utang o

Isa itong pagtatangka na maningil ng utang at ang anumang impormasyon na makukuha ay gagamitin para sa layuning iyon. Kumikilos ang Shellpoint bilang "tagasingil ng utang" ayon sa pagpapakahulugan ng terminong iyon sa Federal Fair Debt Collection Practices Act. Ang abisong ito ay inaatas ng Federal Fair Debt Collection Practices Act at hindi nito ipinahihiwatig na nagtatangka kaming singilin ang sinuman na naabsuwelto sa obligasyon ng pagkakautang sa ilalim ng Mga Batas sa Bankruptcy ng Estados Unidos.



ahensyang tagasingil na gumawa ng anumang ibang pagkilos na pinahihintulutan ng batas upang singilin ang utang.

Tanggapang sa Colorado: 1776 S. Jackson Street, Suite 900, Denver, CO 80210. Telepono (720) 287-8681.

Hawaii

Pakitandaan na ang Shellpoint Mortgage Servicing ay lisensyado sa Hawaii at ang mga reklamo tungkol sa Shellpoint Mortgage Servicing ay maaaring isumite sa Hawaii Division of Financial Institutions Department of Commerce at Consumer Affairs sa sumusunod na address:

Division of Financial Institutions
Department of Commerce and Consumer Affairs
P.O. Box 2054
Honolulu, HI 96805
O
dfi-nmls@dcca.hawaii.gov

Illinois

Ang pangunahing nangangasiwang awtoridad na may hurisdiksyon sa mga aktibidad ng pagpapautang sa pabahay ng Shellpoint ay ang Federal Trade Commission. Ang impormasyon nila ay nasa ibaba:

Federal Trade Commission
600 Pennsylvania Ave., NW
Washington, DC 20580

Massachusetts

May karapatan kayong gumawa ng nakasulat na kahilingan o personal na hilinging huwag tumawag sa telepono patungkol sa utang ninyo sa inyong pinagtatrabahuhan. Ang anumang nasabing personal na kahilingan ay may-bisa lang sa loob ng sampung (10) araw maliban kung magbibigay kayo ng nakasulat na kumpirmasyon ng kahilingan na may postmark o naihatid sa loob ng pitong (7) araw mula sa nasabing kahilingan.

Maaari ninyong wakasan ang kahilingan na ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa ahensyang tagasingil.

Ang lokal na address ay 5230 Washington Street, West Roxbury, Mass 02132

Ang oras ng opisina ay Lunes-Huwebes 10 a.m. hanggang 3 p.m.

Minnesota

Ang ahensyang tagasingil na ito ay lisensyado ng Minnesota Department of Commerce.

New York City

Ang numero ng lisensya ng New York City Consumer Affairs ay 1471002.

North Carolina

Ang Shellpoint Mortgage Servicing ay nilisensyahang magserbisyo ng mga mortgage sa North Carolina ng North Carolina Commissioner of Banks bilang New Penn Financial, LLC d/b/a Shellpoint Mortgage Servicing sa ilalim ng lisensyang L-142377 (NMLS# 3013). Kung may reklamo kayo patungkol sa pagserbisyo sa inyong mortgage loan na sa pakiramdam ninyo ay hindi maayos na natutugunan ng Shellpoint Mortgage Servicing, maaari kayong magsampa ng reklamo sa North Carolina Commissioner of Banks sa pamamagitan ng pagtawag sa 888.384.3811 o sa pagbisita sa www.NCCOB.gov.

Isa itong pagtatangka na maningil ng utang at ang anumang impormasyon na makukuha ay gagamitin para sa layuning iyon. Kumikilos ang Shellpoint bilang "tagasingil ng utang" ayon sa pagpapakahulugan ng terminong iyon sa Federal Fair Debt Collection Practices Act. Ang abisong ito ay inaatas ng Federal Fair Debt Collection Practices Act at hindi nito ipinahihawatig na nagtatangka kaming singilin ang sinuman na naabsuwelto sa obligasyon ng pagkakautang sa ilalim ng Mga Batas sa Bankruptcy ng Estados Unidos.



Ang Mga Numero ng Permit ng North Carolina Department of Insurance para sa mga opisina namin ay ang sumusunod: 55 Beattie Place, Suite 500, Greenville, South Carolina 29601 - Numero ng Permit 111880.

"Kung sa inyong palagay ay hindi dapat tinanggihan ang kahilingan para sa loss mitigation, maaari kayong magsampa ng reklamo sa website ng North Carolina Office of the Commissioner of Banks, www.nccob.gov."

Tennessee

Ang ahensyang tagasingil na ito ay lisensyado ng collection service board, State Department of Commerce and Insurance, 500 James Robertson Parkway, Nashville, Tennessee 37243.

Texas

Paalala para sa Mga Residente ng Texas:

ALINSUNOD SA MGA INAATAS NG SEKSYON 157.007 NG TEXAS MORTGAGE BANKER ACT, KABANATA 157, TEXAS FINANCE CODE, INAABISUHAN KAYO UKOL SA MGA SUMUSUNOD:

ANG MGA REKLAMO PATUNGKOL SA LISENSYADONG RESIDENSYAL NA MORTGAGE LOAN ORIGINATOR AY DAPAT IPADALA SA TEXAS DEPARTMENT OF SAVINGS AND MORTGAGE LENDING, 2601 NORTH LAMAR, SUITE 201, AUSTIN, TEXAS 78705. ANG TOLL-FREE NA CONSUMER HOTLINE AY MATATAWAGAN SA 1-877-276-5550.

ANG DEPARTAMENTO AY NAGMENTINA NG RECOVERY FUND PARA MAGBAYAD NG ILANG AKTUWAL NA MULA SA BULSANG PINSALANG NATAMO NG MGA HUMIHIRAM DULOT NG MGA PAGKILOS NG MGA LISENSYADONG RESIDENSYAL NA MORTGAGE LOAN ORIGINATOR. ANG NAKASULAT NA APLIKASYON PARA SA PAG-REIMBURSE MULA SA RECOVERY FUND AY DAPAT IHAIN SA AT IMBESTIGAHAN NG DEPARTMENT BAGO BAYARAN ANG ISANG CLAIM. PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA RECOVERY FUND, MANGYARING KUMONSULTA SA WEB SITE NG DEPARTMENT SA WWW.SML.TEXAS.GOV.

Utah

Ayon sa inaatas ng batas sa Utah, inaabisuhan kayo na ang negatibong ulat ng credit na nagpapakita ng inyong credit record ay maaaring isumite sa isang credit reporting agency kung hindi ninyo mababayaran ang mga termino ng inyong mga credit obligation.

Paalala para sa Mga Servicemember at Mga Dependent: Ang pederal na Servicemembers Civil Relief Act at ilang batas ng estado ay nagbibigay ng mahalagang proteksyon para sa inyo, kabilang ang mga proteksyon sa halaga ng interes at pagbabawal sa pagreremata sa ilalim ng karamihan ng mga sitwasyon sa at labingdalawang buwan makalipas ang militar o iba pang serbisyo ng servicemember. Ang pagpapayo para sa mga sakop na servicemember ay makukuha mula sa Military OneSource at sa United States Armed Forces Legal Assistance o iba pang mga katulad na ahensya.

Isa itong pagtatangka na maningil ng utang at ang anumang impormasyon na makukuha ay gagamitin para sa layuning iyon. Kumikilos ang Shellpoint bilang "tagasingil ng utang" ayon sa pagpapakahulugan ng terminong iyon sa Federal Fair Debt Collection Practices Act. Ang abisong ito ay inaatas ng Federal Fair Debt Collection Practices Act at hindi nito ipinahihwatig na nagtatangka kaming singilin ang sinuman na naabsuwelto sa obligasyon ng pagkakautang sa ilalim ng Mga Batas sa Bankruptcy ng Estados Unidos.